Nilikha base sa impormasyon mula sa Hp ng Children and Families Agency

Sisimulan ang Sistemang Kontribusyon sa Suporta para sa mga bata・Pagpapalaki ng anak sa Abril 2026 !

Sa darating na Abril 2026 ang “**Sistemang Kontribusyon sa Suporta para sa mga bata・Pagpapalaki ng anak**” ay magsisimula. Ang bagong sistemang ito ay para sa pagpapalawak ng kasalukuyang programa ng suportang pinansyal para sa mga **bata** at **mga nagdadalang tao**.

Q Ano ang “Sistemang kontribusyon sa Suporta para sa mga bata・Pagpapalaki ng anak”?

Ito ay sistema na kung saan ang lahat ng henerasyon at mga kompanya ay magbibigay ng kontribusyon upang mapalawak ang programang suportang pinansyal para sa mga bata, mga nagdadalang tao at postnatal leave **nang sa gayon ang buong sosyalidad ay makakatulong sa mga bata at sa pagpapalaki ng mga anak**

Q Kailan magsisimulang ipatupad ?

ito ay kokolektahin kasama ng bayad sa Health Insurance simula sa buwan ng Abril 2026. Ang mga kabilang sa Employee’s Insurance ay **ibabawas sa sweldo simula sa buwan ng Mayo.** Para sa mga kabilang sa National Health Insurance at sa Health Insurance para sa mga may edad, ang simula ng pangongolekta ay naiiba ayon sa naka insured.**May matatanggap na notice simula Hunyo hanggang Hulyo～7** na kung saan nakasaad ang halaga at petsa ng kolekta.

Q Magkano ang halaga ng Kontribusyon ?

Ang **rate kasama sa Health Insurance** para sa Suportang pinansyal sa bata・Pagpapalaki ng anak（**rate ng kontribusyon）ay 0.23%.** Ang **average ng kontribusyon** para sa taong 2026, indibidwal o buong sambahayan **(para sa 1 buwan)** na **kinalkula** ay nakasaad sa ibaba

*Ang aktwal na halaga ay maaring mabago base sa sistema ng insurance, income atbp.

Health Insurance Society Health Insurance Association atbp	Higit kumulang **550 yen／buwan para sa** 1 insured na tao
National Health Insurance	Higit kumulang **300yen／buwan** para sa 1 sambahayan
Health insurance para sa mga may edad	Higit kumulang **200yen／buwan** para sa 1 insured na tao

Maaring makita ang detalye ukol sa kontribusyon health insurance ayon sa iyong income sa hp ng Children and Families Agency.（Wikang Hapon lamang）
https://www.cfa.go.jp/policies/kodomokosodateshienkinseido#1

Para sa mga Katanungan

Children and Families Agency Call Center

0120-303-272

Oras ng Serbisyo：Karaniwang Araw 9 umaga hanggang 6 gabi

*Hindi magagamit ang ibang wika kaya kung kailangan ng interpretasyon, mangyaring kumontak sa Hokkaido Foreign Resident Support Center.

